

Proseso sa Reklamo sa Titulo VI ng Sound Transit

Ang sinumang taong naniniwala na siya ay nakaranas ng pandidiskrima mula sa Sound Transit batay sa lahi, kulay, o bansang pinagmulan ay maaaring maghain ng reklamo sa Titulo VI sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa ahensiya. Dapat sagutan at isumite ng nagrereklamo ang form ng Reklamo sa Titulo VI na naka-link sa ibaba upang makatulong sa mas mabilis na imbestigasyon. Imbestigahan ng Sound Transit ang lahat ng natanggap na reklamo sa loob ng 180 araw ng pinaparatang na insidente.

Sa oras na matanggap ng Sound Transit ang reklamo, ito ay susuriin upang tukuyin kung ang reklamo ay saklaw ng isang reklamo sa Titulo VI at/o kung may sapat na impormasyon para sa isang imbestigasyon. Ang nagrereklamo ay makakatanggap ng liham ng pagpapatunay na nagsasaad kung ang reklamo ay saklaw sa ilalim ng Titulo VI.

Karaniwang nakukumpleto ng Sound Transit ang imbestigasyon sa loob ng 90 araw mula sa araw ng pagkakatanggap ng nakumpletong form sa reklamo. Kung kailangan ng higit pang impormasyon para lutasin ang kaso, maaaring makipag-ugnayan ang Sound Transit sa nagrereklamo. Maliban na lamang kung tinukoy ng Sound Transit na kailangan ng mas mahabang panahon, ang nagrereklamo ay magkakaroon ng sampung (10) araw mula sa petsa ng sulat upang magpadala ng hinihiling na impormasyon sa tagasiyasat ng Sound Transit na nakatalaga sa kaso.

Kung hindi nakipag-ugnayan ang nagrereklamo sa tagasiyasat ng Sound Transit o hindi nakatanggap ang nagsisiyasat ng karagdagan impormasyon sa kinakailangang panahon, sa pangangasiwa nito, maaaring isara ng Sound Transit ang kaso. Maaari din isara ng pangasiwaan ang kaso kung ayaw na ipagpatuloy ng nagrereklamo ang kaniyang kaso.

Sisiyasatin ng Sound Transit ang mga reklamong mayroon itong sapat na impormasyon. Pagkatapos makumpleto ang imbestigasyon, bibigyan ang nagrereklamo ng isa sa dalawang sulat: isang liham ng pagsasara o liham ng pagpapasiya. Makikita sa liham ng pagsasara ang pagbuod ng paratang, pagsaad na hindi mataguyod ang paglabag sa Titulo VI, at pagpapaalam sa nagrereklamo na isasara ang kaso. Ibinubuod ng liham ng pagpapasiya ang mga paratang at ipinapaliwanag kung may inirekomenda at/o ginawang anumang uri ng aksiyon sa pagtatama.

Maaaring iapela ng nagrereklamo ang desisyon sa pamamagitan ng pagsumite ng nakasulat na kahilingan sa Deputy Chief Executive Officer (Kumakatawan na Punong Tagapagpaganap na Opisyal) ng Sound Transit sa loob ng labinlimang (15) araw ng negosyo mula sa petsa ng liham ng pagsasara o liham ng pagpapasiya. Dapat na tukuyin ng kahilingan sa pag-apela ang batayan para sa apela. Aabisuhan ng Deputy Chief Executive Officer ang nagrereklamo ng desisyon na tanggapin o tanggihan ang apela sa loob ng 10 araw. Sa mga kaso kung saan tinanggap ang apela, magbibigay ang Deputy Chief Executive Officer ng liham ng pagtutukoy sa nagrereklamo pagkatapos makumpleto ang pagsusuri ng apela.

Maaari ding direktang maghain ng reklamo ang isang indibidwal sa U.S. Department of Transportation (Departamento ng Transportasyon ng U.S.) sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Departamento sa: U.S. Department of Transportation, Federal Transit

Administration's Office of Civil Rights: Complaint Team, East Building, 5th Floor – TCR, 1200 New Jersey Avenue, SE, Washington, DC 20590 o tumawag sa 888-446-4511

Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan ng Sound Transit:

Para sa higit pang impormasyon sa Polisiya sa Titulo VI ng Sound Transit at mga pamamaraan sa paghain ng reklamo, tumawag sa 888-889-6368; TTY Relay 711; o magpadala ng email sa stdiscriminationcomplaint@soundtransit.org ; o magpadala ng sulat (Attn: Customer Service) 401 S. Jackson St. Seattle, WA 98104-2826.

Mangyaring ipadala ang kinumpletong form sa: stdiscriminationcomplaint@soundtransit.org